OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL FERNANDO
Rcvd 6353-2021
RECEIVED BY
October 25, 2021 2:47pm
DATE TIME

10/25/2021
3:24pm

#745

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 42**
**SERYE 2021**

**ATAS NA IPINAG-UUTOS ANG PANSAMANTALANG PAGSASARA NG MGA LIBINGAN AT *COLUMBARIA* SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-29 NG OKTUBRE, 2021 HANGGANG IKALAWA NG NOBYEMBRE, 2021**

**SAPAGKAT,** noong ika-20 ng Oktubre, taong kasalukuyan, ipinahayag ng Kalihim ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan sa isang pulong ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) ang pagpapasara ng lahat ng sementeryo, libingan, at *columbaria* sa buong bansa mula ika-29 ng Oktubre, 2021 hanggang sa ikalawang araw ng Nobyembre, 2021 upang maiwasan ang pagtaas ng kaso ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** noong ika- 20 ng Oktubre, 2021, nilagdaan ng Punong Lalawigan ng Bulacan ang Executive Order No. 42, na humihikayat sa mga mamamayan na magtungo sa mga pook libingan bago sumapit ang ika-29 ng Oktubre, 2021;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO,** ako, si **INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, tungo sa patuloy na pagpapababa ng kaso ng COVID-19 sa Lungsod, ay ipinag-uutos ang pagsasara ng mga sementeryo, libingan, at *columbaria* sa Lungsod ng Malolos mula ika-29 ng Oktubre hanggang sa ikalawang araw ng Nobyembre, 2021.

Nilagdaan ngayong ika-25 ng Oktubre, 2021, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION
*"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."*